

Gabay para sa the Special Cash Payments

JPY100,000 sa bawat tao ang halaga ng benepisyo na ito.

Kaunti na lamang ang impormasyon na isusulat ninyo sa aplikasyon.

Sino ang makatanggap?

Ang mga nakarekord na sa Basic Resident Record sa araw ng **Abril 27, 2020** ay maaaring makatanggap

Ipadadala sa inyo ang application form sa pamamagitan ng mail sa lalong madaling panahon. Magkakaiba depende sa munisipalidad kung mula anong petsa ang pagtanggap.

Mag-apply lamang kayo sa loob ng 3 buwan mula sa unang araw ng pagtanggap.

Mula kailan?

Paano mag-apply?

Ipadadala ng munisipalidad sa inyong tirahan ang application form at doon ay naunang nakaprint na ang inyong pangalan at araw ng kapanganakan.

Upang maiwasan ang impeksyon, mag-apply lamang kayo sa pamamagitan ng mail o sa Internet.

Postal Application

Punan ang application form tungkol sa inyong bank account atbp., at matapos ipadala sa munisipalidad kasama ang kinakailangang mga dokumento.

Online Application

Maaaring mag-apply sa website ng "MynaPortal" kung mayroon kayong My Number Card.

- Sa bawat household, madedeposito ang benepisyo sa inyong bank account ayon sa aplikasyon.
- Kung sakaling walang bank account dito sa Japan, maaari ring makakapunta sa tanggapan ng munisipalidad upang magsumite ng kinakailangang mga dokumento, at doon kayo makatanggap ng benepisyo.

► Para sa karagdagang detalye, i-check lamang ang website o basahin ang QR code na nasa ibaba

<https://kyufukin.soumu.go.jp>



► Para sa mga katanungan (Call Center para sa the Special Cash Payments)

0120-260020 (toll-free o walang bayad, available araw-araw mula sa Mayo 2, 9:00-18:30)

03-5638-5855 (available weekdays hanggang sa Mayo 1, 9:00-18:30)

Mag-ingat kayo sa mga pangloloko!!

Mayroong ilang mga tao na nag-aalok ng "tulong," subalit layunin nila kumuha ng iyong mga mahalagang pag-aari.

Tungkol sa pagbibigay ng benepisyo na ito, **HINDING HINDI isasagawa** ng gobyerno o mga munisipalidad ang alinman sa ibaba:

- Pagpapa-operate ng ATM (automatic telling machine)
- Pagpapadeposito ng mga singil o charge para sa pagtanggap ng benepisyo

Kung kayo'y nakatanggap na ng kahina-hinalang mga email, iwasan ninyo ang pagtingin ng website o mga attached file na nakalagay.

I-konsulta lamang ninyo kung makita ang kahina-hinalang mga bagay.

- Munisipalidad kung saan kayo nakatira
- Pinakamalapit na police station
- Espesyal na konsultasyon ng pulis: #9110

- Consumer Hotline: 188 (3 numero lamang na walang area code)
- Consumer Hotline tungkol sa mga may kinalaman sa COVID-19 Special Fixed-Sum Payment: 0120-213-188 (mula sa Mayo 1)